

Pagpapahusay ng kaligtasan sa pagkain sa mga lugar ng pangangalaga ng bata

Hulyo 29, 2024 [Mga katanungan sa media](#)

Ang gobyerno ng Alberta ay kumikilos ayon sa mga rekomendasyon para protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga bata sa mga lisensiyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata.

Noong nakaraang taglagas, ilang lisensiyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata sa Calgary ang humarap sa isang mapangwasak na pagsiklab ng E. coli, ang pinakamalaki sa kasaysayan ng lalawigan. Bilang tugon, itinatag ng gobyerno ng Alberta ang Food Safety and Licensed Facility-Based Child Care Review Panel (pagsusuri) upang magsagawa ng masusing pagsusuri sa mga pangyayari na nakapalibot sa kaganapan at magrekomenda ng mga paraan upang maiwasan itong mangyari muli.

Ang pitong buwang pagsusuri ng panel ay nagresulta sa isang huling ulat na kinabibilangan ng 12 pangunahing rekomendasyon at 27 sub-rekomendasyon. Ang mga rekomendasyon ay nakasentro sa tatlong pangunahing tema:

- pagpapaunlad ng kultura ng kaligtasan sa pagkain na sumusuporta sa mataas na kalidad, ligtas at malusog na mga kapaligiran sa pag-aaral para sa mga bata
- pampublikong patakaran, batas at sistema ng inspeksyon para sa kaligtasan ng pagkain
- pagkakahanay at pagsasama ng sistema

Naniniwala ang review panel na ang mga rekomendasyong ito ay mahalaga para sa pagbuo ng isang sistema ng kaligtasan ng pagkain na mapagkakatiwalaan, may pananagutan at nakasentro sa mga pamilya at kanilang mga anak.

"Ang pagsiklab ng E. coli noong nakaraang taon ay nagkaroon ng mapangwasak na epekto sa mga pamilya, at kami ay nakatuon sa pagtiyak na ang isang kaganapang tulad nito ay hindi na mangyayari muli sa ating lalawigan. Ang review panel na itinakda namin sa lugar ay gumawa ng mahalagang gawain upang suriin ang pangkalahatang sitwasyon ng pagsiklab upang magbigay ng mga rekomendasyon upang maiwasang mangyari ang katulad na pagsiklab. Layunin ng ating gobyerno na kumilos ayon sa bawat rekomendasyon na magagawa natin para protektahan ang kaligtasan ng mga bata at maibalik ang tiwala sa sistema."

Danielle Smith, Premier

Tinanggap ng gobyerno ng Alberta ang ulat ng panel at magsisimulang magtrabaho upang tugunan ang mga rekomendasyon, kabilang ang pagtatatag ng malinaw na mga inaasahan at isang balangkas para sa kung paano ginagawa ang mga pampublikong inspeksyon sa kalusugan. Halimbawa, ginagawa na ang trabaho upang pataasin ang dalas ng mga inspeksyon sa mga pasilidad ng pangangalaga ng bata/mga pasilidad sa pamamahagi ng pagkain at upang mapabuti ang mga oras ng pagtugon sa mga pasilidad sa pangangalaga ng bata kung saan ang mga alalahanin sa kaligtasan ng pagkain ay itinaas.

"Sa pamamagitan ng paggamit ng kadalubhasaan ng review panel at pakikipagtulungan sa mga apektadong pamilya at stakeholder, sinimulan naming ilagay ang batayan para sa mga bagong pamantayan sa kaligtasan ng pagkain sa mga lisensyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata. Makakatulong ang gawaing ito na maibalik ang kumpiyansa ng publiko sa sistema sa pangangalaga ng bata ng Alberta at magbibigay sa mga magulang ng katiyakan na ang kanilang mga anak ay nasa ligtas na mga kamay."

Adriana LaGrange, Ministro ng Pangkalusugan

Isinasagawa rin ang pagpapalano upang tugunan ang mga rekomendasyong kinakailangang lahat ng mga lisensyadong tagapagbigay ng pangangalaga sa bata na kitang-kitang i-post ang kanilang pinakabagong mga ulat sa inspeksyon ng pampublikong kalusugan para suriin ng mga magulang. Makakatulong ito na tiyaking nauunawaan ng mga magulang kung paano mag-ulat ng mga alalahanin tungkol sa kaligtasan ng pagkain sa kanilang pasilidad sa pangangalaga ng bata.

"Araw-araw, ang mga magulang ng Alberta ay nagtitiwala sa mga tagapagbigay ng pangangalaga sa bata. Sa pamamagitan ng mga rekomendasyon sa ulat na ito, masisimulan nating buuin muli ang tiwala na nawala dahil sa mapangwasak na epekto ng pagsiklab ng E. coli. Nakatuon kami sa pagtatatag ng kulturang pangkaligtasan sa pagkain, na nakatuon sa

pagtiyak sa kaligtasan at kagalingan ng mga bata, upang ang mga magulang ay makapag-aral o magtrabaho nang alam nilang ligtas at malusog ang kanilang mga anak.”

Matt Jones, Ministro ng Trabaho, Ekonomiya at Kalakalan

Bagama't may mga rekomendasyon na maaaring ipatupad kaagad, ang iba ay ipagpapatupad ng yugtong-yugto sa paglipas ng panahon, kabilang ang mga potensyal na pagbabago sa batas. Bukod pa rito, mangangailangan ang ilang rekomendasyon ng karagdagang pagsusuri at higit na pakikipag-ugnayan sa mga pamilya, pasilidad sa pangangalaga ng bata, mga lisensyadong kainan at industriya ng mga serbisyo sa pagkain. Sinusuri ng gobyerno ng Alberta ang mga natitirang rekomendasyong ginawa ng review panel.

Ulat sa Pagsisiyasat ng Pagsiklab

Sa panahon ng pagsiklab ng E. Coli, sinimulan ng Alberta Health Services ang isang pagsisiyasat na naglalayong ipaalam ang mga agarang hakbang sa pagkontrol, pagpigil sa mga karagdagang kaso at pagtukoy sa pinagmulan ng pagsiklab. Nang matapos ang pagsiklab, nagpatuloy ang AHS sa pagsisiyasat sa pinagmulan.

Pagkatapos ng ilang buwan ng pagkolekta ng data at pakikipag-ugnayan sa mga apektadong magulang, daycare operator at central kitchen staff, isang pagkain na nagmula sa central kitchen ang lumabas na may napakataas na posibilidad bilang pinagmumulan ng inspeksyon. Ang beef meatloaf na inihain sa tanghalian noong Agosto 29, 2023, ay ang malamang na pagkain na naglalaman ng E. coli para sa mga taong kumain ng pagkain mula sa regular na menu.

Para sa mga kumain mula sa espesyal na menu (dairy-free, gluten-free at vegan), ang posibleng pinagmulan ng kontaminasyon ay malamang na inihain din sa tanghalian noong Agosto 29, ngunit ang eksaktong pinagmulan ay hindi matukoy dahil sa kawalan ng natirang mga sample ng pagkain para sa pagsubok.

Ang mga natuklasan sa Outbreak Investigation Report ng AHS ay nirepaso ng Alberta Health at ng Public Health Agency of Canada (PHAC).

Mabilis na mga katotohanan

- Noong Setyembre 4, 2023, idineklara ng Alberta Health Services (AHS) ang pagsiklab ng Shiga toxin na gumagawa ng E. coli O157:H7 (STEC) sa 11

lisensiyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata sa Calgary na naka-ugnay sa isang shared kitchen.

- Noong Okt. 24, 2023, idineklara ng AHS na tapos na ang pagsiklab. Ang pagsiklab ay tumagal ng kabuuang 51 araw at naapektuhan ang kabuuang 17 lisensiyadong pasilidad ng pangangalaga sa bata, kabilang ang orihinal na 11 mga lugar at isang karagdang anim na pangalawang lugar.
- Noong Oktubre 2023, ang gobyerno ng Alberta ay nagtalaga ng mga miyembro sa Food Safety and Licensed Facility-Based Child Care Review Panel bilang tugon sa pagsiklab na ito.
- Ang review panel, na kinabibilangan ng mga miyembrong may kaalaman sa lisensiyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata, mga establisimento ng serbisyo ng pagkain at pinakamahuhusay na kagawian sa pampublikong kalusugan at kaligtasan sa pagkain, ay opisyal na nagsimula sa trabaho nito noong Nob. 2, 2023.
- Ang panel ay inatasang suriin ang kaligtasan ng pagkain sa mga lisensiyadong pasilidad sa pangangalaga ng bata at sa mga kusinang nagsisilbi sa kanila. Kasama rito ang pagsusuri ng Public Health Act, Food Regulation, Institutions Regulation, Early Learning and Child Care Act and Regulation, at mga naaangkop na pamantayan, alituntunin at pamamaraan.
- Upang suportahan ang gawaing ito, nagdaos din ang review panel ng isang serye ng mga sesyon ng pakikipag-ugnayan upang mangalap ng input mula sa mga apektadong magulang at pamilya, mga apektadong tagapagbigay ng pangangalaga sa bata, mga eksperto sa paksa, mga organisasyon at asosasyon, at ang publiko.
- Kasama sa mga miyembro ng review panel sina:
 - Rick Hanson, dating hepe ng pulisya, Calgary Police Services
 - Dr. James Kellner, pediatrician at espesyalista sa mga nakakahawang sakit, Alberta Children's Hospital, at propesor, Cumming School of Medicine, University of Calgary
 - Dr. Lynn McMullen, propesor emerita (retirado), Faculty of Agricultural, Life and Environmental Science, University of Alberta
 - Leslie Echino, may-ari at operator, Annabelle's Kitchen and Bar
 - Tyler Shapka, may-ari, Hopscotch Child Care Ltd.
 - Shannon Doram, presidente at CEO, YMCA Calgary, Mga Serbisyo ng Asosasyon

Kaugnay na impormasyon

- [Learning About E. Coli Infections](#)
- [Food Safety and Licensed Facility-Based Child Care Review Panel](#)
- [Alberta Health Services Outbreak Investigation Report](#)

Mga kaugnay na balita

- [Update on E.coli outbreak review panel \(Nov. 27, 2023\)](#)
- [Government Launches panel to respond to E.coli Outbreak \(Sept. 27, 2023\)](#)

Multimedia

- [Watch the news conference](#)

Mga katanungan sa media

Sam Blackett

780-427-2251
Kaliham ng Press, Tanggapan ng Premier

Andrea Smith

780-427-3665
Kaliham ng Press, Pangkalusugan

Marisa Breeze

780-644-8554
Kaliham ng Press, Trabaho, Ekonomiya at Kalakalan